

## 1

**F**riday afternoon at naghihintay ako ng jeep. Medyo maaliwalas ang panahon kaya good mood ako. Ayoko kasi ng sobrang init at ayokong nagpapawis; ayoko rin naman ng maulan kasi ayokong nababasa. Madalang ang sasakyan kapag ganitong oras, ‘yung medyo alinlangan—masyadong maaga para sa labasan ng mga estudyante at nag-oopisina at mas lalong maaga para sa mga nagbabalak gumimik. Halos fifteen minutes din akong naghihintay bago may dumating na jeep na agad-agad kong pinara. Pumuwesto ako sa pinakadulo bago binuksan ang bag ko para hanapin ang wallet ko at magbayad.

“Makikiabot po ng bayad,” sabi ko sabay abot ng sampung piso. Walang kumuha, lahat dedma. ‘Yung dalawang magkasintahang naglalampungan malapit sa driver ni hindi ako tinitingnan. *Aba*. “Makikiabot po ng bayad!” sigaw ko habang tinitingnan kita nang masama. Apat lang tayong laman ng jeepney n’un. Ikaw, ako at ‘yung dalawang dinaig pa ang asukal sa tamis. “Excuse me,” sambit ko, pero nakapikit ka. Hindi ko matandaan kung nakapikit ka ba talaga mula kanina o pumikit ka lang kasi ayaw mong iabot ‘yung bayad ko. *Loko-loko pala ‘to, eh!* “HOY!” sigaw ko. Nagulat ka, pero mas nagulat ako kasi bigla kang bumalikwas sabay yakap sa backpack na dala mo.

“I’m just a student po.” Medyo garalgal pa ang boses mo, halatang takot. *Akala naman nito sa akin, holdaper?* Tinitigan mo ako nang masama at hindi ko napigil—tinawanan kita. “Ikaw ba ‘yung sumigaw?” nakasimangot mong tanong, pero di kita sinagot.

“Makikiabot po ng bayad,” sambit ko na may kasamang ngiti. Sabi nila maganda daw ang ngiti ko at kahit di naman ako palangiting tao, nilagay ko na ang lahat ng kapangyarihan ko sa ngiting ‘yun para iabot mo lang ang bayad ko. Pero tumingin ka lang. Wa epek. Epic Fail. *Di ba nito alam na ang daming nagkakandarapa mangitian ko lang?* isip-isip ko sa sarili ko. Sumakit na ang panga ko sa kakangiti, pero tumitig ka lang.

“Iabot mo ‘yang mag-isa!” you yelled. “Badtrip parang walang kamay,” pabulong mong sabi. *Supladong ‘to!* “Para po dyan sa may waiting shed,” sabi mo sa driver. Huminto ang jeep at dali-dali kang bumaba. Ako naman dali-daling nag-effort na iabot kay manong ang bayad.

“Kuya, bayad ko po,” sabi ko sa driver. “Saka sukli ko po, dito na po ang baba ko,” dagdag ko. At mukhang bwisit na bwisit si Kuya kasi nakahinto ang sasakyan niya nang matagal.

“Sana kanina mo pa inabot ‘yung bayad mo, Miss, para di ka nakaabala!” sabi niya.

“Kuya, sorry po, ha, sana lang may konduktor po kayo dito para di nanakit litid ko sa kakasigaw ng ‘bayad po!’” asar na sagot ko. Tiningnan ako nang masama ng driver sabay abot ng sukli ko. “Maraming salamat po, ha!” sabi ko, sana nga lang na-gets niya ang sarcasm. Nakita kitang naglalakad at sa totoo lang gusto kitang batuhin. Ang laki ng ulo mo, figuratively and literally speaking. *Bwisit na ‘to, di man lang natuwa na sa lahat ng lalaking nilalang sa ibabaw ng mundo ay siya lang ang nginitian ko ngayong araw na ‘to!* naiirita kong bulong sa sarili ko. Tumingin ka sa likod at tinaasan kita ng kilay. “Pangit! Mayabang! Madapa ka sana! Bakla!” I murmured and sniggered at my thoughts. Ayaw na ayaw kong hindi nakakaganti at masaya na akong kahit sa gan’ung paraan, naisahan kita.

“Sinusundan mo ba ako?” tanong mo sabay lingon sa akin.

“Kapal ng mukha mo, ha,” sagot ko sa ‘yo. *Papel-de-liha, gusto mo? Ikiskis mo sa mukha mo nang mabawasan naman kakapalan niyan!* Tiningnan mo ako nang masama bago ka patuloy na naglakad. Ako naman nagtataka na kung bakit mukhang pareho tayo ng pupuntahan. Lingon ka nang lingon sa akin na parang feel na feel mong may stalker ka. *Utang na loob, di ka artista ano!* Gusto kitang sigawan. *Ang pangit mo para maging artista!*

“Ano?” you asked when you caught me raising my fist at you.

“Ano?” I asked back.

“Tsk.”

“Whatever.”

“Will you stop following me?” you exclaimed and I was more surprised than annoyed. Seryoso, ang kapal ng mukha mo n’ung araw na ‘yun.

“HOY, tanga! N’ung nagsaboy ba ng kaepalan ang langit, ikaw lang ang gising at mukhang nasalo mo lahat?!”

“What?”

“What mo mukha mo!”

“Stop following me, miss,” you repeated and I stopped walking in infuriation.

“Stupid, I wasn’t following you! You’re headed to where I’m headed! Get a grip, dude! Besides, di ka gwapo ‘no, wag kang feeling!” I said before I walked fast and ahead of you. When I was a few feet away, I turned and flashed you my middle finger before I ran. Tawa ako nang tawa, nakakatawa kasi ‘yung expression mo. *Di nakaganti. Bwahahaha.* “Buti nga sa ‘yo, tseh!” I murmured to myself as I let myself into the *Responsible Youth of the City* office. First time kong sumali and I was excited but that excitement didn’t last long kasi niluwa ka ng pinto at wala ka nang ginawa simula n’ung araw na ‘yun kundi sirain ang araw

ko.

“Nakaka-turn-off ‘yung mga babaeng emo,” sabi mo na nakatingin sa akin. Ayaw sana kitang patulan kasi di naman ako emo, pero titig na titig ka sa akin na para bang naghahanap ka ng away.

“Are you referring to me?” I asked and you snorted.

“Babae ka ba?” tanong mo. Nagtawanan ang mga kasama natin at sa utak ko ay nilagyan ko ng isang malaking pulang ekis ang gitna ng noo mo. *X marks the spot.*

“Sabagay, di talaga babae tingin mo sa akin. Di hamak na mas maganda naman ako sa ‘yo ano, kaya I understand your insecurity and I forgive you,” I said and you narrowed your eyes at me.

“Maganda ka? Saan banda? Besides, di ako maganda, gwapo ako.”

“Takte, gwapo ka? Sa planet of the apes baka oo, pero sa planet earth hindi. Unggoy!”

“Sino’ng tinatawag mong unggoy?” tanong mo habang dahan-dahan kang tumayo. Tumayo na rin ako at hinarap ka.

“Sino ba’ng mukhang unggoy dito, aber?”

“Ang gwapo ko namang unggoy, Miss Emo.”

“Hindi ako emo at kung sa planeta n’yo gwapo ka, sa planeta ko hindi!”

“Pasalamat ka talagang babae ka, di kita papatulan!”

“Ulol, sa lagay na ‘yan, di mo pa ako pinapatulan? Bakla!”

“Aba!”

“Aba mo mukha mo!”

Wala tayong ginawa araw-araw kundi magbangayan at nagtataka ako dati kung bakit nila tayo tinutukso sa isa’t isa. They seemed oblivious to the fact that we hated each other’s guts. Ang weird ng mga tao, kulang na nga lang magpatayan

tayo, gagawin pa tayong mag-love team. O baka nakita lang nila ang hindi natin nakita kahit noon pa.

“Yung bagong RYC version ng KimErald bakit tahimik yata at di naglalampungan?” tanong ng coordinator natin. Nagdo-drawing ako at nagbabasa ka ng manga. Pareho tayong napatingin sa kanya. “Naks, patay-malisya pa ‘tong dalawang ‘to,” dugtong niya.

“Are you referring to us, Ate?” tanong mo and I rolled my eyes. *Konyotik na ewan, di na lang tumalon sa building ‘tong isang ‘to!*

“Oo, sino pa ba ang nag-aalab ang pagmamahalan dito sa buong RYC kundi kayo lang?” nakangiting sagot niya.

“Yuck,” bulong ko. *Nag-aalab? Nagmamahalan? Sabagay, pwede kong silaban ‘to para ipakita ang pag-aalab ng damdamin ko para sa kanya.*

“Double yuck,” nakakarinding sabi mo naman. “Yang isang ‘yan, magugustuhan ko? Ano akala n’yo sa akin, walang taste?”

“Kung may taste ka, di sana ganyan kabaduy ang suot mo! Taste-taste ka pang nalalaman! Jejemon!”

“Jejemon? Are you crazy?” you asked. Hindi ko alam, sa private school din naman ako tulad mo, pero parang iba ‘yung hangin na nilalanghap mo sa nilalanghap ko. ‘Yung hangin sa inyo may halo yatang cyanide at feel na feel mong mag-English. Kahit naiintindihan naman kita nabwibwisit pa rin ako sa pagiging konyo mo.

“Are you crazy?” I mimicked you. “Ang bading mo! Mas maarte pa ‘yung yuck mo sa yuck ko.”

“Hindi ako maarte, kasalanan ko ba kung di mo alam kung ano ang tamang pronunciation ng yuck?”

“Syet, ang arte!” singhal ko. “My goodness gracious, you’re so gay!”

“Not liking you doesn’t make me gay. Hindi ka lang talaga

kagusto-gusto!”

“Tumayo ka dyan at magsapakan na lang tayo!” sigaw ko.

“Tama na ‘yan, kayong dalawa talaga, padalhan n’yo na lang kami ng invitation pag ikakasal na kayo, ha,” sabi ng isang senior member.

“Oo nga wag n’yo kaming kalimutan,” hirit naman ng chapter president.

“Magpapakamatay na lang ako ‘no, kung ‘yan lang din naman mapapangasawa ko!” naasar kong sabi.

“Ikaw pa talaga ang magpapakamatay? Mauuna ako!”

“Eh di mauna ka, go!”

Asar na asar ako pag nakikita kita pero hindi ko maintindihan bakit di ko magawang umabsent kahit minsan lang sa meetings natin sa RYC kahit mag-240/180 ang BP reading ko. Iniisip ko dati kasi ayokong nagpapatalo sa ‘yo at pag umabsent ako it would mean na naasar ako kaya talo ako. There were times na ayaw na kitang patulan kasi dumadami na ang haters ko sa dami ng fangirls mo, pero ewan ko ba bakit trip na trip mo akong bwisitin. Minsan nga kahit di ka kasali sa usapan ay umeepal ka.

“Ako na ang magdadala ng colored papers. ‘Yung concept ba natin final na ‘yun?’ tanong ko sa core group ko.

“Bakit ikaw ang magdadala ng colored papers, di ba colorblind ka?” hirit mo kahit taga-kabilang grupo ka naman.

“Sino’ng umutot?” tanong ko sabay lingon sa bandang likod kung nasaan ka. “Ay sorry, nagsasalita ka ba? Akala ko may umutot, it was just you and your kind of crap.”

“My kind of crap? What about your kind of crap?”

“My kind of crap is none of your business!” naasar na sagot ko sa ‘yo. Tumawa ka lang, nakakabwisit. Ang sarap, sarap mong tirisin!

“So you admit that you’re full of crap?” pang-asar mong tanong.

“No, but your face looks like crap. Is that admitting that I’m full of crap?”

“Hoy, tama na,” awat ng ibang members. “Kayo talaga, hindi ba kayo pwedeng magkasundo kahit isang araw lang? Ang haba na niyang foreplay n’yo, ah.”

“Foreplay?” I asked aghast.

“Fore—what?” you said and I looked at you weirdly. *Fore—what mo mukha mo! Ang arte mo!* Kapag ganitong nagkakabwisitan tayo ay nati-tempt akong bumili n’ung sticker na nakikita kong parating nakadikit sa jeepney, ‘yung may tulang, “*God, grant me the serenity to accept the things I cannot change, the courage to change the things I can, and wisdom to know the difference*”. Pero inaamin ko na kapag tahimik ka naman, ako ang nauuna. Para akong adik lang na hinahanap-hanap ‘yung pang-aasar mo, pero nayayamot ako pag nagsalita ka na.

“Kaninong pet ‘yan, di ba no pets allowed sa RYC?” tanong kong nakangiti sa ‘yo at automatic sumimangot ka. Hindi ko alam kung bakit natutuwa ako pag nakasimangot ka, ang hilig mo kasing ngumiti sa iba. Pero sigurado ako, ‘yung pagsimangot mo, sa akin lang ‘yun.

“Ang gwapo ko namang pet. Siguro kung naging pet mo ako, abot-abot ang pasasalamat mo. Baka nga magpa-party ka pa,” bwelta mo naman.

“Gwapo ka, oo, n’ung di pa uso ang mga tao.”

“Siguro nga di pa uso ang mga tao para sa ‘yo kasi di ka naman tao,” sagot mo.

“Oh my kikiyam, it’s a talking baboon!” I pointed at you and laughed. Tiningnan mo ako nang masama but I didn’t mind, sabi ko sa ‘yo mas natutuwa ako pag nakasimangot ka kesa

ngumingiti. ‘Yung awayan natin parang ruta ng jeep—paulit-ulit. Pero hindi tulad ng isang jeep, di natin alam kung kailan at paano hihinto.

“Sige, ako na ang magde-design ng placards,” sabi ko. July na n’un at mahigit isang buwan na tayong nag-aasaran.

“Marunong palang mag-design ang mga emo?” tanong mo at sinimangutan kita.

“Hindi ako emo!”

“Jeans, *Chuck Taylors*, loose-fitting shirt and side bangs ‘tapos di ka emo?”

“Imudmod kita dyan sa sahog, gusto mo?”

“Bakit ka ba naasar pag tinatawag kang emo?”

“Parang ikaw naasar pag tinatawag kitang bakla.”

“I’m not gay!”

“Stir.”

“Halikan kita dyan makita mo.”

“See, bakla ka nga. Bakla lang ang OA sa pagiging trying hard to prove his manliness....”



Looking back, I’d always won in our arguments. Hindi ko alam kung talagang nananalo ako o nagpapatalo ka lang. We’re not friends but I looked forward to our banTERS everyday. ‘Yung awayan natin ang naging highlight ng senior year ko.

It was exactly July 17 when you asked for my number. I was surprised. But I was more surprised when I gave it to you.

Pero sa isip ko ang dahilan lang ay dahil hindi kasya ang oras na magkasama tayo sa RYC para magbangayan—kailangan pati sa text habang naghihilamos ako, nag-aaral, nanunuod ng TV o kaya ay kumakain ay nagpapalitan tayo ng insulto sa isa’t isa.

The day I gave you my number di ako mapakali. Bawat tunog ng cellphone ko kinakabahan ako. Pero di ka nagtext at



---

naisipan kong matulog na lang at wala nang pag-asang aasarin mo pa ako bago ako matulog. Nagising ako nang bandang alas tres ng madaling araw n'ung tumunog ang cellphone sa ilalim ng unan ko.

*Gilderoy Lockhart: Tulog ka na?*

Natawa ako, because I named you after that vain, self-serving *Harry Potter* character.

*Bakit?* I replied.

*Gilderoy Lockhart: Wala lang. Naisip lang kita. See you tomorrow at the RYC office, emo girl.*

Hindi ko maiwasang ngumiti.